

Taon XL Blg. 17 Setyembre 7, 2009 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Palayasin ang mga tropang Amerikano

ahasang idineklara kamakailan ng mga pinuno ng Pentagon at Central Intelligence Agency (CIA) ng US ang patuloy na pagpapakat ng 600 kataong Special Operations Forces (SOF) na sangkot sa mga operasyong kontra-rebolusyonaryo sa Pilipinas.

Ikinatwiran nila ang naging susing papel ng mga pwersa ng Joint Special Operations Task Force-Philippines (JSOTF-P) at CIA sa mga "tagumpay" ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa pagpatay at pagdakip sa mga lider ng Abu Sayyaf at Moro Islamic Liberation Front (MILF). Anila, tulad ng natututunan nila sa gera sa Afghanistan, kailangan umano ang sustenidong presensyang militar nila sa Pilipinas para matiyak ang mga tagumpay sa mga larangan ng labanan.

Ang deklarasyong ito'y pagsasapubliko na lamang ng sikretong kasunduan nina Gloria Arroyo at Pres. Ba-

rack Obama ng US noong Hulyo 30. Doo'y qinarantyahan ni Arroyo ang permanenteng presensya ng mga tropang militar ng US sa Pilipinas kapalit ng patuloy na ayudang militar ng US. Sagadsagaran ngayong ipinaqtatanqqol ni Arroyo ang ibayong nalalantad na permanenteng presensya at papatinding panghihimasok-militar ng US sa bansa. Matagal nang pinalalabas na ang mga sundalo ng US ay labas-masok sa bansa para lamang sa taunang pagsasanay at pagkakawanggawa. Sa ginawang pag-amin na ito ng

Mga tampok sa isyung ito...

Usapang pangkapayapaan, hinahadlangan ng rehimen PAHINA 3 16 armas nasamsam sa mga taktikal na opensiba PAHINA 4

Militar sa Lianga, napalayas PAHINA 5 mga upisyal ng US at gubyernong Arroyo, kinukumpirma ngayon ang napakarami nang impormasyon tungkol sa permanente nang pagbabase ng mga tropa ng US sa bansa at sa tuwiran at di tuwirang paglahok ng mga ito sa mga operasyong pangkombat sa bansa.

Lalo pang napagtibay ang impormasyong ito nang ibunyag ni dating LSG Nancy Gadian ng Philippine Navy na bilang planning officer ng taunang Balikatan Joint US-Philippine Military Exercises av personal niyang nalalaman na ang mga tropa ng US ay pumapakat sa mga yunit pangkombat ng AFP at sangkot sa paniniktik at iba pang operasyong may kaugnayan sa kombat. Ibinahagi ni Gadian ang mga detalye tungkol sa mga permanente, eksklusibo at gwardyadong istrukturang itinayo ng JSOTF-P sa loob ng mga kampo ng AFP. Isinalaysay niya kung gaano kaarogante ang mga upisyal at maging ang mga karaniwang sundalo ng US sa pakikitungo nila sa mga papet na pwersa.

Isang malaking sampal sa kasarinlan ng Pilipinas ang pamamalagi, paglahok sa kombat at panghihimasok ng mga tropa ng US sa mga armadong operasyon at iba pang panloob na usaping militar sa bansa. Labag din ito maging sa umiiral na reaksyunaryong konstitusyon.

Sa kabila ng pagbabasura noong 1991 ng tratado para sa base militar ng US, naisagawa ng US na panatilihin ang presensyang militar nito sa Pilipinas sa pamamagitan ng iba't ibang kasunduan. Sa layuning ito, binuo ang Visiting Forces Agreement (VFA) noong 1998 at ang Mutual Logistics Support Agreement (MLSA) noong 2002.

Sa mga kasunduang ito, nabig-yang-daan ang paglalabas-masok at matagalang paghimpil ng mga tropa, barko at mga eroplanong militar ng US sa bansa. Pinahintulutan ang pagtatayo ng iba't ibang pasilidad, kabilang ang mga paliparan, daungan at maging sariling mga istruktura at upisina kahit sa loob ng mga kampo ng AFP. Sa gayon, nagmistulang isang malaking base militar ng US ang buong Pilipinas.

Nitong mga nagdaang taon, pumapakat na ang mga pwersa ng JSOTF-P sa mga kampo ng iba't ibang kumand ng AFP at iba pang lugar; nagtatayo ng sariling upisina sa mga tactical command post ng mga nag-ooperasyong pwersang militar; nagsasagawa ng elektronik, panghimpapawid at pangkombat na paniniktik; nagbibigay ng impormasyong pangkombat sa mga yunit ng AFP; at lumalahok sa aktwal na mga operasyong pangkombat.

Samantala, patuloy ang pagsasanay at pagsisilbing tagapayo ng US sa mga papet na upisyal militar at panseguridad, pangunahin na sa paglaban sa mga rebolusyonaryong pwersa. Patuloy din ang pagsalig ng AFP sa ayuda at suplay ng armas mula sa US.

Sinasamantala ng mga pwersang militar ng US ang mga sakuna, gayundin ang karalitaan at kakulangan ng papet na gubyerno sa pakitang-taong pag-aayos ng ilang pampublikong pasilidad at serbisyong panlipunan at sa pagsasagawa ng mga palabas na pangkawanggawang aktibidad. Layunin lamang ng mga ito na pabanguhin ang kanilang presensya at tabingan ang kanilang mapanalanta at mapanghimasok na mga operasyong militar.

Pinalalabas din ng mga punong militar ng US at ng AFP na ang JSOTF-P av tumutulong lamang sa mga operasyon laban sa bandidong grupong Abu Sayyaf at sa tinagurian nitong mga "suwail" na yunit ng MILF. Sa katunayan, ang mga operasyon ng JSOTF-P ay hindi na lamang nalilimita sa Western Mindanao. May mga kaso nang nasangkot ang mga tauhan ng JSOTF-P sa mga operasyong militar sa iba pang bahagi ng Mindanao, Eastern Visavas, Panay, Bicol, Central Luzon, Northern Luzon at iba pang rehiyon, kung saan ang pangunahing target ay ang mga armadong rebolusyonaryong pwersa at baseng masa ng Bagong Hukbong Bayan.

Pangunahing layunin ng panghihimasok-militar ng US ang pagpapatuloy ng neokolonyal na domi-

*Bayan

Taon XL Blg. 17 Setyembre 7, 2009

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	
Palayasin ang mga tropang Amerikano	1
Usapang pangkapayapaan	3
Matatagumpay na TO	
16 na armas, nasamsam	4
Hepe ng AFP, umamin ng kabiguan	4
Pananalanta ng pasistang estado	
Militar sa Lianga, napalayas	5
NDF, CPDF, nakiisa sa mga bakwit	6
Aksyon laban sa illegal logging	6
Nagpapatuloy ang militarisasyon sa Leyte	7
Mga Albayano, ginigipit ng militar	7
Diwa ng laban sa Chico Dam	9
BHB, nananawagan laban sa pagmimina	9
Tubig sa Butuan City, nilason ng mina	10
Di maitagong kayamanan	11
Internasyunal na caravan ng magsasaka	12
Sa ibayong dagat	
Pakikibaka ng mga <i>adivasi</i> sa India	13
Balita	14

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

nasyon nito sa bansa, pagtitiyak na lagi nitong hawak ang pamumuno sa papet na reaksyunaryong estado at pagpapatulov ng pagdikta at paq-impluwensya nito sa mga pangyayari at panloob na usapin at labanan, alinsunod sa kanilang interes. Pinakikialaman at hinahadlangan ng US ang anumang banta o sagabal sa patuloy na paghahari at buong-layang pandarambong ng US sa malakolonya nito. Partikular na estratehikong layunin ng US ang pakikialam sa takbo ng umiiral na gera sibil at pagsisikap na magapi ang mga rebolusyonaryo, patriyotiko at anti-impervalistang pwersa. Lavunin din ng US ang patulov na paggamit ng Pilipinas bilang istasyon at lunsaran ng mga pwersang militar ng US para matiyak ang paghaharing militar nito sa Southeast Asia at sa buong Asia-Pacific.

Sa harap nito, walang tigil na lalabanan ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayang Pilipino ang neokolonyal na paghahari ng US sa bansa hanggang sa lubusang makamit ang pambansang kalayaan. Maningning ang mahabang kasaysayan ng rebolusyonaryo, patriyotiko at anti-imperyalistang pakikibaka ng mamamayang Pilipino, katuwang ang kanilang pakikibaka para sa tunay na demokrasya, katarungan at kaunlaran.

Dapat puspusang ilantad at bakahin ang patulov na paghahari, pandarambong at pang-aapi ng US sa bansa. Ibayong labanan ang pagdagsa, tuluy-tuloy na presensya at mga operasyon ng mga pwersang militar ng US sa Pilipinas. Hubaran sila ng maskara at ipakita ang pangit na mukha ng panghihimasok-militar at pangaapi ng US sa Pilipinas. Pagkaisahin ang mamamayang Pilipino sa ilalim ng bandila ng patriyotismo at sabay-sabay na sumiqaw na "Palayasin ang mga sundalong Amerikano!"

Hinahadlangan ng GRP ang usapang pangkapayapaan

Ang sumusunod ay pahayag nitong Setyembre 4 ni Ka Fidel V. Agcaoili, tagapagsalita ng NDFP Negotiating Panel. Nililinaw nito ang tunay na mga dahilan kung bakit hindi natuloy noong Setyembre 5 ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Pangunahin dito ang hindi pagtupad ng GRP sa berbal na kasunduan nito at ng NDFP noong Hunyo 15 na lubusang ipatupad ang JASIG, pakawalan ang mga nakakulong na konsultant ng NDFP, ibasura ang mga gawa-gawang kaso laban sa iba pang konsultant at palayain din ang mga detenidong pulitikal na noon pang 2001 at 2004 ay iniutos na ni Gloria Arroyo na palayain bilang pagpapakita ng kagandahang loob.

apat tigilan na ng mga upisyal ng reaksyunaryong GRP, kabilang ang tumatayong presidente nito na si Gloria M. Arroyo, Executive Secretary Eduardo Ermita at Presidential Adviser Avelino Razon ang paglalabas ng mga pahayag sa midya na bukas itong ituloy ang usapang kapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP.

Malinaw na ang mga doble-karang upisyal na ito ang siyang humahadlang sa pagpapatuloy ng pormal na usapan sa pamamagitan ng patuloy na paglabag nila sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG) at pagtanggi nilang pawiin ang panggigipit nila sa mga myembro ng NDFP panel, mga konsultant at iba pang personaheng protektado ng JASIG.

Patuloy silang gumagamit ng mga gawa-gawang kriminal na kaso upang dukutin, ikulong, tortyurin at patayin ang mga konsultant ng NDFP at iba pang personaheng protektado ng JASIG sa Pilipinas at i-blackmail at gipitin ang mga myembro ng NDFP panel at mga konsultant sa labas ng bansa. Ginagamit din nila ang gayong mga gawa-gawang kaso para hilingin sa mga dayuhang gubyerno na i-blacklist,

reydin, arestuhin at idetine ang mga tauhan ng NDFP, tulad ng ginawa nila sa The Netherlands noong 2007.

Hindi pa rin ipinatutupad ng GRP ang JASIG, ang kasunduang nabuo noong Hunyo 15. Bagkus ay minaniobra ng GRP na uk-ukin at ibasura ang JASIG at patindihin pa ang panggigipit sa mga konsul-





tant at myembro ng NDFP panel. Kaya naman iginigiit ng NDFP na ang GRP at NDFP panel, kabilang ang kanilang mga abugado, ay magpulong sa Oslo nang sa gayon ay makabuo ng nakasulat na kasunduan na nagsasaad ng mga pamamaraan kung papaano mabilis na maipatutupad ang JASIG at mapapawi ang mga nabanggit na balakid.

Ngunit bastos at hambog na itinuqon ng GRP sa NDFP na walang pulong na magaganap sa pagitan ng mga negosyador hinggil sa pagpapatupad ng JASIG, maliban na lamang kung papayag ang NDFP na isaisantabi muna ang mga usapan hinggil sa mga repormang sosyo-ekonomiko at pampulitika at bigyan ng pinakamataas na prayoridad ang pagtalakay sa paqdidisarma, demobilisasyon at reintegrasyon sa pamamagitan ng adelantadong pagbubuo ng working group para talakayin ang pagwawakas ng labanan at disposisyon ng mga pwersa.

May kapal pa ng mukhang magsabi ang GRP na walang magaganap na anumang pargtalima sa JASIG at walang pormal na usapang kapayapaan na magaganap kung walang gagawing komitment ang NDFP na buuin unang-una ang naturang working group bilang susi para madurug at masupil ang armadong rebolusyonaryong kilusan ng mamamayan.

Ipinakikita ng GRP na wala itong interes sa negosasyong kapayapaan bilang paraan para lutasin ang ugat ng gera sibil sa pamamagitan ng mga kasunduan hinggil sa mga repormang sosyoekonomiko at pampulitika. Patuloy nitong nilalabag ang JASIG at pilit ipinapataw ang balangkas ng DDR sa NDFP. Hinahamon nito ang mga rebolusyonaryong pwersa na paigtingin pa ang kanilang armadong rebolusyon para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

16 na armas, nasamsam

i bababa sa 16 na armas ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa magkakahiwalay na taktikal na opensibang inilunsad nitong huling linggo ng Agosto. Kabilang sa mga nasamsam ang isang light machine gun. Labintatlo ring elemento ng kaaway ang napatay at pito ang nasugatan sa mga labanang ito. Samantala, walang kaswalti sa panig ng mga Pulang mandirigma.

Agosto 30. Di bababa sa sampung malalakas na riple ang nasamsam nang matagumpay na lusubin ng mga Pulang mandirigma ng Arnulfo Ortiz Command ng BHB-Samar and detatsment nd Citizens Armed Forces Geographical Unit (CAFGU) sa Barangay Cancaiyas, Basey, Samar mga alas-4 ng madaling araw. Ayon sa mga panimulang ulat, nakakumpiska ang BHB ng apat na M16, apat na M14 at dalawang karbin. Nakasamsam din sila ng isang radyong VHF. Matapos masugatan ang dalawang elemento ng CAFGU ay nagtakbuhan ang 15 tropang nagkakampo sa detatsment. Para mapagtakpan ang kanilang kahihiyan, bulaang iniulat ng 8th ID ng Philippine Army na 11 gerilya ang nasugatan sa labanang ito. Sa Surigao del Sur, isang

Hepe ng AFP, umamin ng kabiguan

M16, isang Ingram machine pistol

Tahasang inamin ni Gen. Victor Ibrado, *chief of staff* ng Armed Forces of the Philippines (AFP), na hindi kayang lipulin ng gubyernong Arroyo ang armadong rebolusyonaryong kilusang isinusulong ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Inamin ng pinakamataas na upisyal ng AFP ang kabiguang ito sa harap ng mga asenderong kabilang sa Northern Negros Planters Association sa asembliya nito sa Sagay City, Negros Occidental noong Agosto 30.

Ang pag-aming ito ay ginawa ng hepe ng AFP dalawang buwan makaraang mag-utos si Arroyo sa kanyang State of the Nation Address (SONA) na durugin ang BHB bago matapos ang kanyang termino sa 2010.

Ilang araw bago ito, umamin sa harap ng midya si Lt. Gen. Rolando Detabali, hepe ng Southern Luzon Command (SOLCOM), na mahihirapan silang tupdin ang utos na wasakin ang armadong rebolusyonaryong kilusan. Saklaw ng mga operasyon ng SOLCOM ang Southern Tagalog at Bicol.

at isang pistolang 9 mm ang nasamsam ng mga Pulang gerilya ng BHB nang salakayin nila ang bahay ni Alfeo Perez, alkalde ng bayan ng San Miguel.

Samantala, sa Davao City, nakalasap agad ng kabiguan ang kararating na 69th IB nang mapatay ang apat nitong mga sundalo at masugatan ang anim na iba pa nang tambangan sila ng 1st Pulang Bagani Company ng Merardo Arce Command (MAC-BHB) sa Southern Mindanao. Dagdag na pwersa mula Luzon ang 69th IB at nakapailalim sa 10th Infantry Division. Nagpapatrulya sila sa Barangay Dalagdag, Calinan District nang ambusin sila ng mga gerilya ng bayan.

Kabilang sa mga nakumpiska ng mga Pulang mandirigma ang isang FN Minimi (Mini Mitrailleuse, o M249 sa US). Ang Minimi ay isang *light machine gun* na unang ginawa sa Belgium. May tipo itong pang-5.56 mm at pang-7.62 mm.

Agosto 28. Dalawang sundalo ng Charlie Company ng 57th IB ang nasugatan nang tambangan sila ng mga mandirigma ng Larangan 53 ng BHB habang lulan ng isang sasakyang militar sa hangganan ng Barangay Noah at Barangay Bagumbayan sa bayan ng Magpet, North Cotabato.

Noong araw ding iyon ay nasugatan ang isang sundalo ng 82nd IB nang tangkain ng mga tropang militar na kubkubin ang isang yunit ng BHB sa Barangay Tigbanaba, Igbaras, Iloilo. Ang batalyong ito ay bagong buo pa lamang at ito ang unang engkwentro nito sa BHB.

Agosto 27. Dalawang M16 ang nakumpiska at dalawang pulis ang napatay nang ambusin sila ng mga Pulang mandirigma habang nagpapatrulya sa palengke ng Bayugan City sa Agusan del Sur.

Agosto 24. Apat na sundalo ang napatay sa dalawang labanan sa pagitan ng BHB at mga umaatakeng tropa ng 71st IB sa Barangay Diaat, Maria Aurora, Aurora. Sa unang engkwentro, matagumpay na naagaw ng BHB ang inisyatiba mula sa sumasalakay na mga sundalo. Pagkalipas ng halos isang oras, naganap ang ikalawang labanan kung saan tinambangan ng mga Pulang mandirigma ang mga sundalong nagbalik sa lugar ng labanan upang kunin ang mga naiwang gamit at hawakan ang pwesto.

Matapos ang halos kalahating oras na labanan, sinalakay ng BHB ang pwesto ng mga sundalo. Tumalilis ang mga sundalo at naiwan ang anim na bakpak na nasamsam ng mga kasama.

Samantala, isang elemento ng CAFGU ang napatay at dalawa ang nasugatan nang tambangan sila ng mga Pulang mandirigma ng Tomas Pilapil Command ng BHB sa Sityo Sto. Domingo, Barangay Malabog, Caramoan, Camarines Sur.

Militar sa Lianga, napalayas

akauwi na ang mahigit 1,700 residente ng Lianga, Surigao del Sur matapos lisanin ng mga pwersang militar ang kanilang mga komunidad. Noong Agosto 29, napwersa ang militar na tumugon sa malawak at mariing panawagang lumayas sila sa 15 komunidad sa dalawang munisipalidad ng Surigao del Sur. Mahigit isang buwang tumira ang mga bakwit sa evacuation center sa Tandag, Surigao del Sur.

Pinangunahan ng Commission on Human Rights (CHR), mga lokal na upisyal, progresibong kongresista, tagapagtanggol ng karapatang-tao at mga karapatan ng mamamayang Lumad ang inspeksyon ng mga komunidad para tiyaking wala na ngang presensya ang militar doon. Isinagawa ito dahil sa paibaibang pahayag ng militar kaugnay ng kanilang istatus sa lugar, at dahil na rin sa mariing pagtanggi ng pamunuan ng AFP na lisanin ang lugar.

Nagsilikas ang mga residente noong Hulyo 18 nang pasukin ng dalawang batalyon mula sa 36th at 58th IB ang kanilang mga komunidad para pilitin silang sumapi sa Task Force Gantangan-Bagani Force, isang grupong paramilitar na pinatatakbo ng AFP.

Militarisasyon ng mga eskwelahan. Partikular na pinag-initan ng mga pasistang sundalo ang Alternative Learning System for Agricultural and Livelihood Development (ALCADEV) sa Sityo Han-ayan sa Diatagon, Lianga. Ang eskwelahang ito ay isang boarding school para sa mga kabataang Lumad, katumbas ng isang pampublikong hayskul. Nagbibigay ito ng mga pag-aaral hindi lamang sa literasiya at numerasiya, kundi sa produksyong agrikultural, kalusugan at





iba pang batayang serbisyo na hindi kailanman naibigay ng reaksyunaryong gubyerno sa kanila.

Umabot sa 124 na mga estudvante at quro ng paaralan ang lumikas. Kasabay nilang lumikas ang mga estudyante at quro mula sa anim pang paaralan na pinatatakbo naman ng Tribal Filipino Program of Surigao del Sur (TRIFPSS) na katumbas ng mga pampublikong paaralang pang-elementarya.

Hindi ito ang unang pagkakataong ginipit ng militar ang mga eskwelahan. Noong 2005 at muli noong 2007, napalikas ang mga estudyante at quro dahil sa pinatinding militarisasyon sa lugar. Inaakusahan ng militar ang mga estudyante at quro na mga tagasuporta, kundiman mga myembro, ng BHB at pinipigilan ang suplay ng pagkain na nakalaan para sa mga maq-aaral doon.

Unang nagsiksikan ang mga bakwit sa malaking *gymnasium* sa lunsod ng Lianga bago sila lumipat sa Diocese ng Tandag sa ilalim ng pangangalaga ni Bishop Nereo Odchimar. Dito'y binisita sila ng mga kinatawan ng CHR, mga progresibong partido at ng mga alkalde ng mga kalapit na munisipalidad. Ilang beses na napako ang pangako ng militar na umatras at hanggang sa kadulu-duluhan ay nagpahayaq na "qiqilid" lamanq sila at di nila bibitawan ang kanilang pananakop sa luqar.

Ayon sa mga residente, lumakas ang presensya ng militar sa kanilang mga komunidad kasabay ng pagpasok ng malalaking dayuhang kumpanya sa pagmimina sa lugar. Bigla na lamang silang pinag-aakusa na mga tagasuporta ng BHB nang maging malinaw na hindi nila bibitawan ang kanilang karapatan sa mga lupaing ipinamana sa kanila ng kanilang mga ninuno.

Pinanghawakan nila ang kani-

lang mga karapatan hindi lamang para rito, kundi pati sa mga serbisyong ibinibigay ng mga mapagkawanggawang organisasyon. Muli

nilang napatunayan na sa sama-samang pagkilos av maaari nilang tuluy-tuloy na gapiin ang pang-aapi at pagsasamantala sa kanila.

NDF-Mindanao, CPDF, nakiisa sa mga bakwit ng Lianga

NAKIISA ang National Democratic Front-Mindanao at Cordillera People's Democratic Front (CPDF) sa mga bakwit ng Lianga, Surigao del Sur sa kanilang pakikibaka laban sa militarisasyon.

Biniqyanq-puqay ni Jorqe "Ka Oris" Madlos ang mga bakwit sa pagbabalik nila sa kanilang mga tirahan matapos makamit ang kahilingang lisanin ng militar ang kanilang mga komunidad. Sa interbyu sa radyo, binatikos ni Ka Oris ang 58th IB sa pagmamatigas nitong manatili sa lugar sa kabila ng malawakang sigaw ng iba't ibang sektor na sumusuporta sa kahilingan ng mga bakwit.

Kasabay ng pagdiriwang sa tagumpay ng mga bakwit, tinukoy ni Ka Oris ang daan-daang libo pang mamamayang nasa mga evacuation center sa ibang dako ng Mindanao dahil sa militarisasyon.

Tulad ng mga Lumad sa Surigao, dumaranas din ng mga paghihirap ang mga minorya sa Cordillera. Ayon kay Simon "Ka Filiw" Naogsan, tagapagsalita ng CPDF, mula pa noong dekada 1970, ang mga komunidad sa Cordillera ay dumaranas na ng mga dislokasyon dulot ng mga operasyong militar dahil sa sapantaha ng AFP na base ito ng mga Pulang mandirigma at para bigyang-daan ang mapangwasak na mga proyekto ng gubyerno at ng mga dayuhan, katulad ng Chico Dam. Katulad ng sa Surigao, marami sa mga biktima ng paglabag ay mga bata.

Nitong taon lamang, napilitan ang mga batang Tingguian sa Lacub, Abra na magklase sa labas ng kanilang mga klasrum dahil inokupa ng mga pwersa ng 41st IB Reengineered Special Operations Team (RSOT) ang daycare center doon. Noong 2007, matagal na sinuspindi ang mga klase sa Tamboan Elementary School sa Besao, Mountain Province dahil ginawang baraks ng mga tropa ng 54th IB ang naturang paaralan.

Trak ng iligal na magtotroso, sinunog ng BHB

SINUNOG ng mga gerilya ng BHB-Agusan-Surigao ang isang trak na ginagamit sa iligal na pagtotroso ng falcatta sa Diatagon, Lianga, Surigao del Sur noong Agosto 30. Ang aksyon ng mga gerilya ay alinsunod sa malaon nang patakaran ng rebolusyonaryong kilusan laban sa iligal na pagtotroso.

Sa isang pahayag nitong Setyembre 4, sinabi ng BHB na sinamantala ng mga iligal na magtotroso ang paglikas ng 15 pamayanang Lumad sa Lianga para magputol ng mga punong falcatta at iba pang iligal na aktibidad. Nakabwelo ang mga magtotroso dahil protektado sila ng militar at wala ang mga residenteng makahahadlang sana sa kanila. "Nagpakasasa sila sa mga yaman ng lupaing ninuno habang karamihan ng mamamayang nasa mga evacuation center ay naghihirap," anang BHB.



Nagpapatuloy ang militarisasyon sa Leyte

umusunod ang mga dagdag na ulat hinggil sa mga paglabag sa karapatang-tao sa Leyte bunga ng malawakang operasyong militar

Unang linggo ng Hulyo. Sina Alex Casundo, 30; Boyet Salubre, 20; Mauricio Peñada, 40; Jessie Martinez; at isang nagngangalang Junior ay pinagsusuntok, sinampal at pinagbubugbog ng mga tropa ng 19th IB. Sila ay pawang mga taga-Barangay Bunga, Baybay, Leyte. Samantala, si Ekot Sacay, 30, na nangunguha ng kahoy na panggatong sa Sitvo Lunas, San Agustin, Baybay, Leyte ay binuqbog at pinalo ng tangkay ng dahon ng niyog.

Hunyo 30. Ininteroga at ginulpi si Ronnie Bumagat, 29, isang magsasaka sa Barangay Bunga, Baybay, Leyte. Tatlong araw siyang hindi nakapaqtrabaho dahil sa natamo niyang matinding pambubugboq mula sa mga tropa ng 19th IB. Pinagdudahan ng militar na may ugnay sa cellphone si Bumagat sa BHB at tagadala ng suplay sa kampo. Ganun din ang naranasan ni Virgilio Martinez, 40, na kababaryo ni Bumaqat.

Samantala, si Eric Salubre, 30, ng naturan ding barangay ay binuqboq nq nasabi rinq yunit-militar at ninakawan pa ng tolda at gamit sa pagkopra na nasa kanyang tapahan. Si Felix Cabahit naman, 40, ay sinuntok at pinaqbubuqboq ng mga sundalo dahil kontak daw siya ng BHB. Si Taboy Gravillo, 30, av dalawang beses na ginulpi ng mga elemento ng 19th IB at dalawang araw na hindi nakapagtrabaho dahil sa matinding kirot ng katawan.

Hunyo 24. Si Moises Rapada, taga-Barangay Oquisan, MacArthur ay binuqboq, sinakluban ng plastik ang ulo at hiniwa ang mukha ng mga elemento ng 19th IB na nag-ooperasyon sa kanilang barangay. Kasabay din nito ang iba't ibang abuso kagaya ng pagbunot ng mga tanim na kamote ni Bernal Banag-banag sa Barangay Cagbana, Burauen; at pagsunog sa kubong pahingahan ni Benny Roche, 50, sa kanyang sakahan.

Hunyo 19. Ininteroga at sinuntok ng mga sundalo si Jordan de Paz, 15, taga-Barangay Cagbana, Burauen, Leyte. Matapos suntukin ay binantaan pa siyang papatayin kapag nagsumbong siya.

Hunyo 12. Iliqal na inaresto at dalawang gabing idinetine sa kampo ng mga tropa ng 19th IB si Jumbert Martinez, 36, isang magsasaka na taga-Barangay Bunga, Baybay, Leyte. Inimbestigahan siya dahil pinagbibintangan siyang taqahatid ng suplay sa BHB. Isa pang magsasaka na nagngangalang Basil Robles ng naturan ding barangay ang inaresto ng mga sundalo. Binugbog ng militar si Robles ngunit pilit siyang pinapirma sa dokumentong nagsasaad na hindi siya sinaktan ng mga sundalo.

SAMANTALA, pinagbabantaan din ng mga sundalo ang mga residente ng Barangay Cagbana, Burauen na kapaq may nangyari sa kanila ay babalingan nila ang barangay at papatayin sila. Kung noong buwan ng Hunyo ay hindi pinapupunta sa kanilang mga sakahan ang mga tagabaryo, noong Hulyo ay pinayagan na silang pumunta sa bukirin pero alas-4 lamang ng hapon ay dapat nasa barangay na sila.

Sapilitan ding nagpatupad ng blokeyo sa pagkain sa apat na munisipalidad—sa mga barangay ng

Mga Albayano, ginigipit ng militar

T nirereklamo ng mga residente ng Manito at Camalig, Albay ang 上 pamumwersa sa kanila ng mga tauhan ng 901st Brigade ng Philippine Army na magpakuha ng litrato at magbayad ng \$35.00 bilang bahagi ng pagbubuo ng Barangay Defense System.

Anang mga nagrereklamo, pinagbibintangang mga myembro ng BHB ang mga tumatanggi sa sapilitang pagpapalitrato.

Ani Atty. Salvador Brioso ng Commission on Human Rights-Bicol, labag sa karapatang-tao ang gayong hakbang ng militar. Hinikayat niya ang mga apektado na pormal magreklamo sa komisyon para maaksyunan ang usapin.

Nalantad din kamakailan ang panggigipit ng militar sa mga residente ng Maninila, Del Rosario, Panoypoy, Taluto at Taplakon sa Camalig, Albay. Ilang residente ang pinipilit ng mga sundalo na umaming myembro o tagasuporta ng BHB. May ilang pinalo sa ulo, ikinulong sa kubeta at sinakal ng mga sundalo dahil hindi sumusunod sa kanilang kagustuhan.

Ilang taumbaryo rin ang pwersahang pinapipirma sa mga blangkong papel. Nagbanta pa ang mga sundalo na bubweltahan nila ang sinumang magrereklamo.

Bunga, Hilapnitan, Caridad, San Agustin, Maybog, Pangasugan at San Marcos sa Baybay; sa mga baryo ng Cagbana, Mahagnaw, Roxas at Lugsongan sa Burauen; sa mga barangay ng San Vicente, Lanawan, Oguisan at San Antonio sa MacArthur; at sa Barangay Luneta sa bayan ng La Paz.

Dahil sa tindi ng militarisasyon sa mga nabanggit na barangay ay napilitang huminto sa pag-aaral ang ilang mag-aaral dahil sa takot at sa hirap ng kanilang pamilya sa pagsuporta sa kanilang konsumo dahil na rin sa blokeyo at paghihiqpit ng 19th IB.

Ngunit mas matinding panggigipit ang nararanasan ng mga dayong Manobo na nabubuhay sa pangunguway sa mga bulubunduking bahagi ng Baybay at Burauen dahil tahasan na silang idineklarang "iligal" at awtomatikong itinuturing na myembro o tagasuporta ng BHB. Ibig sabihi'y kapag nakita sila ay agad silang dadakpin at papatayin ng mga sundalo.

Melissa Roxas, kinatigan ng korte laban sa militar

KUMBINSIDO ang Court of Appeals (CA) na dinukot at tinortyur ng mga elemento ng Armed Forces of the Philippines (AFP) si Melissa Roxas, isang aktibistang Pilipino-Amerikano. Sa desisyon ng CA noong Agosto 27 na nagbigay kay Roxas ng writ of amparo at habeas data, ibinasura nito ang sinasabi ng AFP at ng gubyernong Arroyo na gawa-gawa lamang ni Roxas ang isinalaysay niyang karanasan.

Si Roxas ay dinukot ng 15 elemento ng militar sa Tarlac noong Mayo 19. Ang dalawa pang kasama niyang dinukot ay sina John Edward Jandoc at Juanito Carabeo. Mula sa Tarlac ay dinala sila sa himpilan ng 7th ID-Philippine Army sa Fort Magsaysay sa Nueva Ecija at isinailalim sa interogasyon at pagpapahirap sa loob ng anim na araw. Nang ilitaw siya ng militar ay nagsampa si Roxas ng petisyon para sa writ of amparo at habeas data sa Korte Suprema, na nag-utos naman sa CA na dinggin ang nasabing kaso.

Iniutos din ng CA na tigilan na ng militar ang pagbibintang na si Roxas ay myembro ng BHB.

Kasunduan sa karapatang pambata, pinirmahan ng MILF at UN

PUMIRMA ang MILF sa isang kasunduan kasama ang United Nations noong Hulyo upang pangalagaan ang karapatan at kapakanan ng mga bata sa gitna ng armadong tunggalian. Pinagkasunduan ng dalawang panig ang isang programang nagpapahintulot sa mga monitoring team ng UN na pasukin ang kanilang mga larangan, pigilan ang pagrerekluta ng mga menor de edad at pauwiin ang mga batang wala pang 18 sa kanilang mga komunidad.

Bilang panimulang hakbang, naglabas ang MILF ng pangkalahatang alituntunin na nagbabawal sa lahat ng kumander at upisyal ng Bangsamoro Islamic Armed Forces na magrekrut ng mga batang wala pang 18 anyos sa anumang gawain sa hukbo. May nakasaad ding mga aksyong pandisiplina sa sinumang lalabag dito.

Lider-aktibista sa Panay, planong paslangin

IBINUNYAG noong Setyembre 1 ni Ka Wilson Balingit, pangalawang tagapangulo ng Bayan Muna sa Panay, ang planong pagpaslang sa kanya. Sa idinaos na press conference sa Iloilo City, sinabi ni Balingit na nakatanggap siya ng impormasyon na may grupong binayaran ng ₱300,000 para likidahin

siya. Bukod pa ito sa tuluy-tuloy na kampanyang paninira laban sa kanyang pagkatao.

Ani Bayan Muna Rep. Satur Ocampo, nais ng mga kalaban ni Balingit na patahimikin siya sa kanyang mga gawain laban sa korapsyon at paglabag sa karapatang-tao.

Araw ng desaparecidos, ginunita

NAGMARTSA ang 150 kasapi ng mga progresibong organisasyon sa Maynila noong Agosto 30 para gunitain ang Pandaigdigang Araw ng Desaparecidos. Katarungan para sa mga biktima ang isinigaw ng mga kasapi ng Karapatan, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, Bayan Muna, GABRIELA at Desaparecidos, organisasyon ng mga kamag-anak ng mga dinukot at nawawala.

Nagkaroon din ng kaugnay na mga pagkilos sa Bacolod City, Baguio City at maging sa US at The Netherlands.

Mula nang maupo si Gloria Arroyo sa poder noong 2001, umaabot na sa 207 ang mga dinukot ng mga armadong galamay ng estado. Bukod pa ito sa mga biktimang dinukot bago pa man ang kasalukuyang rehimen.

Nagbabala ang Desaparecidos kay Arroyo na malapit nang matapos ang kanyang *immunity* at maniningil ng katarungan ang mga kamaganak ng mga nawawala.

Diwa ng laban sa Chico Dam, muling nabubuhay

uling nagbibigkis ang mga lider ng mga tribo sa Kalinga at Mountain Province para ipaglaban at ipagtanggol ang kanilang lupang ninuno laban sa banta ng pangangamkam ng lupa at sakuna sa kalikasan dulot ng malakihang pagmimina sa kanilang lugar.

Bunsod ito ng pinakahuling insidente noong Hunyo 5 kung saan lumubog ang bahagi ng lupa ng poblasyon ng Mankayan, Benguet bunga ng patuloy na pagpapalawak ng pagmimina ng Lepanto Consolidated Mining Company (LCMC).

Inihahalintulad ng mamamayan dito ang kanilang pakikipaglaban sa naging pakikibaka nila laban sa konstruksyon ng apat na dam sa Chico River sa ilalim ng diktadurang US-Marcos noong 1980. Anila, ang malakihang pagmimina ay sisira sa kanilang tirahan at kabuhayan dahil ito ay bahagi ng Chico River Watershed Area.

May batayan para muling magkaisa ang iba't ibang tribo upang ipagtanggol ang kanilang lupang ninuno. Sa ngayon, ang kanilang pakikibaka ay laban sa bagong kaaway, ang kutsabahan ng estado at mga korporasyon sa pagmimina.

Noong simula ng 2009, nagpulong at nagkaisa ang Council of Elders ng Bakun-Aywanan (Bantay ken Kinabaknang ti Umili a Nagtaudan o Defend and Nurture Bakun) sa isang bayan sa Benguet para pagtibayin ang kanilang pagkakaisa laban sa malakihang pagmimina. Pitong organisasyon sa komunidad at ilang personalidad ang umanib sa Bakun Aywanan noong Pebrero.

Isa sa mga unang hakbang ng organisasyon ay ang pagsasampa ng petisyon sa rehiyunal at prubinsyal na mga upisina ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP) laban sa Memorandum of Agreement at pagbabawal sa anumang eksplorasyon ng Royalco

Philippines sa kanilang lugar.

Pagdagsa ng aplikasyon sa pagmimina. Noong 2006, dumagsa ang mga aplikasyon sa pagmimina sa Cordillera Administrative Region (CAR) bunsod ng kampanya ng rehimeng Arroyo na mang-akit ng dayuhang pamumuhunan. Pero dulot ng sustinido at malakas na paglaban ng mamamayan, karamihan ng mga aplikasyon ay nakabimbin sa upisina ng Mines and Geosciences Bureau ng DENR.

Ang mga aplikasyon sa pagmimina ay sumasaklaw sa mga lugar sa Mountain Province, Abra at Kalinga. Sasaklawin ng mga ito ang 61% ng kabuuang lupa ng CAR. May bahagi ring sumasakop sa Cen-

BHB, nananawagan laban sa pagmimina sa Catanduanes

Nananawagan sa mga Catandunganon ang Nerissa San Juan Command ng BHB sa Catanduanes na patuloy na labanan ang pagmimina ng Monte Oro Resources Energy Inc. (Morei) sa prubinsya. Sa isang pahayag, nanawagan si Theresa Magtanggol, tagapagsalita ng kumand, na gamitin ng mamamayan ang lahat ng anyo ng protesta para mapigilan ang pagmimina sa prubinsya.

Nagpahayag naman ang lokal na tsapter ng Integrated Bar of the Philippines (IBP) sa Catanduanes na handa itong magsagawa ng "rebolusyong ligal" laban sa pagmimina sa alinmang lugar sa prubinsya. Anang IBP-Catanduanes, nakahanda itong magsagawa ng aksyong ligal laban sa mga taong pasimuno ng pagmimina. Aktibo rin ang simbahang Katoliko sa prubinsya sa pagtuligsa sa planong pagmimina. Gayundin ang mga lokal na upisyal ng mga bayan at ng prubinsya, at ang Katandungan Kontra Mina. Suportado ng Philippine Association of X-Seminarians (Paxs) ang simbahang Katoliko sa pagtutol nito sa pagmimina sa prubinsya.

May inilunsad namang petisyon sa *internet* laban sa pagmimina ang Group of Environment Enthusiasts of Catanduanes Mountaineering and Outdoor Club (Greencat).

Kabilang sa mga may-ari ng kumpanyang Morei si Enrique Razon na malapit na kaalyado ng pamilya ni Gloria Arroyo. Pinahintulutan ng Department of Energy (DOE) ang Morei na magsagawa ng eksplorasyon sa 7,000 ektarya ng lupain sa mga bayan ng Caramoran, Panganiban at San Andres para sa mga deposito ng *coal* na nagkakahalaga ng hindi bababa sa ₱6.2 bilyon. Tinututulan din ng mga Catandunganon ang plano ng DOE na bigyan ang isang pribadong kumpanya ng karagdagang 8,000 ektaryang lupain sa mga bayan ng Caramoran, Panganiban at Viga para magmina ng *coal* na tinatayang aabot sa ₱9.4 bilyon.

Kung hindi mapipigilan, ang pagmimina sa Catanduanes ay tiyak na magbubunsod ng pagguho ng lupa at pagbaha sa mga bayan ng Bagamanoc, Bato, Caramoran, Manambrag, Panganiban, San Miguel at Viga. Malalason din ang mga daluyan ng tubig at dagat.

tral Cordillera Forest Reserve, na dati nang idineklarang protektadong erya. Kapag ang aplikasyon ay naisumite bago maideklarang protektado ang isang lugar, maaaring pahintulutan ang mga kumpanya sa pagmimina na magsimula ng mga operasyon dito.

Noon pang 2006 sinimulan ng mga lider-katutubo at mga upisyal ng mga barangay sa Bontoc ang kanilang pagtutol.

Pero hindi natinag ang mga dayuhang kumpanya sa pagmimina. Sa tulong ng rehimen at mga armadong galamay ay tinakot at nilinlang ng Royalco ang ilang residente para pumayag na ituloy pa rin ang eksplorasyon. Kahit tumutol ang mas nakararaming residente, pinahintulutan pa rin ng NCIP-Benguet ang Royalco.

Ibayong pinahigpit at pinalakas ng mga residente ang kanilang pagtutol. Noong Agusto 7, 2008, nag-kumperensya ang 230 kinatawan ng mga residente mula sa 13 munisipyo ng Benguet para talakayin ang mga isyu at usapin ng malawakan at mapangwasak na pagmimina at para magpalitan ng mga karanasan at

aral mula sa matatagumpay na pakikibaka. Binuo nila ang Benguet Mining Alert and Action Network.

Noong Oktubre 2008, binuo nila ang Bakun-Aywanan. Inilunsad nila ang sustenidong kampanya para tutulan ang komersyal na pagmimina, kabilang ang paglulunsad ng mga porum, sama-samang pagkilos, mobilisasyon at pakipagdayalogo sa lokal na gubyerno at sa mga rehiyunal at prubinsyal na upisina ng NCIP.

Tumanggi ang mga lider ng tribo sa mahigit siyam na sityo sa Barangay Gambang ng Bakun, Benguet sa proyektong eksplorasyon ng Royalco Philippines. Nagpasa rin ng ikalawang petisyon ang mga residente sa Barangay Sapid, Mankayan, Benguet na naggiit sa mga upisyal ng bayan na aksyunan ang ginawang pagtatapon ng LCMC ng nakakalasong basurang asbestos sa kanilang lugar.

Sa Barangay Ampucao naman, muling nagkakaisa ang mamamayan laban sa pananalasa ng mga higanteng minahan.

Tubig sa Butuan City, nilason ng mina

ng pagmimina ng manganese sa kabundukan ng tinaguriang "Malinhawod Area" sa Agusan del Norte ang dahilan ng pagdumi ng tubig ng Taguibo River na siyang pinagmumulan ng inuming tubig ng Butuan City. Ito ang ibinunyag ni Ka Maria Malaya, tagapagsalita ng National Democratic Front-Northeastern Mindanao noong Agosto 17.

Aniya, ang mga lupang galing sa mga minahan ay inaanod ng tubig tuwing umuulan papuntang Taguibo River. Dagdag pa rito, may 100,000 toneladang *manganese* na nakatambak sa iba't ibang lugar sa Malinhawod na hindi na nahakot dahil hindi na natuloy ang pagbili nito. Ang *manganese* ay isang metal na may sarisaring gamit sa industriya.

Kasabay ng paghinto ng pagmimina, hindi rin natanggap ng mga minerong Lumad ang kakarampot na tig-P2.00 bawat kilong manganese na kanilang namina.

Binatikos ni Ka Maria ang pasimuno ng pagmimina ng manganese—ang burukrata kapitalista at despotikong panginoong maylupang pamilya Amante. Noong 2007, ang presyo ng bawat metriko tonelada ng manganese ay umabot

sa US\$154. Samakatwid, kung naibenta ang 100,000 metriko toneladang manganese sa gayong presyo ay hanggang \$15.4 milyon o ₱616 milyon sa palitang \$1:₱40 ang pinagpistahan sana ng mga Amante.

Sa kabilang banda, ibinunyag ni Ka Maria na nagpaplano naman ang pamilya ni Meyor Democrito Plaza ng Butuan City na magmina ng tanso sa kabundukan na pinagmumulan din ng Taguibo River sa bandang Barangay Antikala sa lunsod. Ang mga Plaza ang mga pulitikong kumalbo sa dating napakalawak na kagubatan ng Agusan. Para paghandaan ang pagmimina, may ginawa nang kalsada ang mga Plaza rito. Nakapagtayo na rin sila ng Special Civilian Auxiliary Army, mga pribadong armadong gwardya na sinasanay ng AFP.

Ang magkatunggaling angkan

ng mga pulitikong Amante at Plaza ay gumagawa ng kani-kanyang maniobra, kontrol at panlilinlang sa mamamayang Lumad upang maengganyo ang mga itong magtrabaho sa kanilang mga proyektong pagmimina.

Sinabi ni Ka Maria na matagal nang nagpapakasasa sa yaman ng kalikasan ang mga naghaharing uri sa Agusan. Matapos nilang hawanin nang ilang dekada ang mga puno sa ibabaw ng lupa, ang mga mineral naman sa ilalim ng lupa ang kanilang pinag-aagawan. Aniya, wala silang pakialam kung ano ang kahihinatnan ng kapaligiran at ng inuming tubig ng mamamayan sa Butuan City.

Nananawagan ang NDF-NEMR sa mamamayan, partikular sa Butuan City na maglunsad ng kilusan para pangalagaan ang kalikasan, laluna ang pinagmumulan ng tubig ng Butuan City. Hinahamon din ng NDF-NEMR ang mga kinauukulang pulitiko na panagutan sa publiko ang kanilang pagwasak sa kalikasan. ME

Di maitagong kayamanan

agulantang ang mamamayang Pilipino sa nabunyag kamakailan na ulat na biglang lumago ang kayamanan ng mga anak ni Gloria Arroyo na sina Pampanga Rep. Juan Miquel "Mikey" Arroyo at Camarines Sur Rep. Diosdado Ignacio "Dato" Arroyo mula nang sila'y maging mga kongresista. Umapaw ang galit ng bayan dahil batid nilang nagmula ito sa korapsyon at pagnanakaw. Dumistansya ang Malacañang sa kontrobersya at pinalabas na wala raw kinalaman ang magulang nila rito.

Batay sa isinumite ni Mikey na Statement of Assets, Liabilities and Net Worth (SALN), dokumentong nagsasaad ng mga ari-arian ng mga upisyal ng qubyerno, lumobo umano ang kanyang netong kita mula P5 milyon noong 2002 tungong P99 milyong nitong 2009, habang ang kabuuan niyang ari-arian ay umabot na sa ₱156 milyon (menos ang umano'y "utang"). Lumago naman umano mula P15.8 milyon noong 2007 tungong ₱89 milyon ngayong taon ang netong kita ni Dato, ayon sa kanyang SALN. Ang kabuuang ari-arian naman niya nitong 2009 ay mahiqit ₱150 milyon na.

Nagkabalu-baluktot ang paliwanag ni Mikey Arroyo sa kanyang biglang laking yaman. Ikinatwiran niyang malaki ang kinita nilang mag-asawa mula mga regalo sa kasal at mga kontribusyong natanggap nila sa mga kampanyang elektoral. Sa gayon ay di sinasadyang inamin ni Mikey na may inilingid siyang mga kontribusyon sa eleksyon na iliqal niyang qinamit bilang personal na pondo.

Bukod rito, isiniwalat ng Vera Files, publikasyon ng isang grupo ng mga beteranong mamamahayag na malalimang nagsisiyasat sa mga tampok na isyu, na si Mikey ay bumili ng halagang \$1.31 milyong (₱63.7 milyon) lupa at bahay sa Beach Park Blvd., Foster City, California noong 2006. Para maikubli niya ito, pinalalabas niya na ang bahay ay pag-aari ng Beach Way Park LLC, isang huwad na kumpanyang itinayo niya roon. Sa kanyang SALN, isinaad ni Mikey na mayroon siyang ilang sapi sa kumpanya subalit hindi niya ito idinetalye.

Sa mga upisyal na rekord ng mga pag-aari sa US, nakapangalan ang naturang lupa at bahay sa asawa ni Mikey na si Angela Montenegro, katulad ng maraming iba pa niyang pag-aari at negosyo.

Hindi rin idineklara ni Mikev ang mga lupain at bahay na binili at ninenegosyo niya sa US, kabilang ang isang condominium unit sa Redwood City sa California na ibinenta niva sa halagang \$900,000 noong Setyembre 2005. Ang mga papeles nito ay inilipat din sa pangalan ng kanyang asawa bago ibenta.

Nabunyag din na pag-aari ni Dato Arroyo ang isang condominium unit sa Gramercy Towers sa San Francisco, isa sa pinakamamahaling gusali sa California na nagkakahalagang \$570,000 (\$26.7 milyon). Bagamat nakapangalan ang pag-aaring ito kina Dato at asawa niyang si Victoria Manotok, hindi ito isinama sa SALN ni Dato. Sa halip, ang parehong halaga ay idineklara niyang "utang" umano sa kanyang byenan. Katulad ni Mikey, marami ring iba pang pag-aari at mga negosyo si Dato na nakapangalan sa kanyang asawa.


Dahil sa naglitawang mga paglilihim sa mga SALN ng magkapatid, pinaiimbestiqahan ngayon ng mga progresibong mambabatas sa

Kongreso ang mga SALN ng buong pamilyang Arroyo. Pinagpapaliwanaq naman

ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) ang mga Arrovo sa kanilang yaman sa US. Anito, hindi biro ang maluho nilang pamumuhay habang naghihirap

ang taumbayan. Sa US, nagpiket naman ang mga aktibistang Pilipino-Amerikano sa

harap ng bahay ni Mikey Arro-AB





Internasyunal na *caravan* ng mga magsasaka

 ${f I}$ sinasagawa ng Asian Peasant Coalition (APC) at International League of Peoples' Strugqle and "Caravan para sa Lupa at Kabuhayan" sa gitna ng matinding krisis sa buong mundo, terorismo ng estado at malawakang pangangamkan ng lupa sa Asia at Africa. Ang caravan na nagsimula noong Hulyo 21 at magtatapos sa Nobyembre ay iikot sa Bangladesh, India, Indonesia, Malaysia, Mongolia, Nepal, Pakistan, Pilipinas, Thailand at Sri Lanka.

Ang tema ng caravan ay "Itigil ang pangangamkam ng lupa! Makibaka para sa tunay na repormang agraryo at kapangyarihang bayan sa pagkain." Pormal itong inilunsad sa Sri Lanka at dinaluhan ni Ka Danilo Ramos, pangkalahatang kalihim ng APC at Kilusang Magbubukid ng Pilipinas.

Nagkaroon din ng katumbas na paglulunsad sa Pilipinas noong Hulyo 25, anibersaryo ng pagtatatag ng KMP, na dinaluhan ng 300 katao.

Nanawagan si Prof. Jose Maria Sison, tagapangulo ng International Coordinating Committee ng ILPS na maglunsad ng mga kampanya para batikusin ang mga imperyalistang kapangyarihan, ang kanilang mga monopolyong bangko at mga empresa at kanilang mga papet na reaksyunaryong estado. Aniya, silang lahat ang dahilan ng krisis at kawalan ng katarungang panlipunan.



Magiting na pakikibaka ng mga *adivasi* sa India

India noong kalagitnaan ng Hunyo, magiting na hinaharap ng mga adivasi o mamamayang minorya ng Lalgarh sa West Bengal, India ang malupit na pananalakay ng mga pulisya at militar sa ilalim ng "Operation Lalgarh," isang malawakang kampanyang militar ng estado. Sa kabila ng mabangis na opensiba, nananatiling matatag ang mga adivasi at matapang nilang nilalabanan ang maka-imperyalista at kontra-mamamayang gubyerno at ang terorismo ng estadong naglalayong gapiin ang kanilang pakikibaka.

Ang Lalgarh ay nasa distrito ng West Midnapore ng estado ng West Bengal sa silangang India. Mayorya ng populasyon ng Lalgarh ay mga adivasi. Laganap ang kahirapan at ilang dekada nang nagdurusa ang mamamayan dahil sa kapabayaan ng qubyerno, kasalatan ng mga serbisyong panlipunan tulad ng pangangalagang pangkalusugan at kawalan ng inuming tubig. Agrikultura ang pangunahing ikinabubuhay nila. Subalit karamihan ng mamamayan ay walang lupa o kulang sa mabubungkal na lupa at walang irigasyon. Mababa ang sahod ng mga manggagawang bukid.

Mula noong panahon ng kolonyalismo, pinagsasamantalahan at inaapi na ng naghaharing uri sa India ang mga *adivasi* sa Lalgarh. Lumala pa ang kanilang paghihirap sa ilalim ng qubyernong West Bengal Left Front, na kontrolado ng rebisyunistang Communist Party of India (CPI-Marxist). Ang mga lokal na lider ng rebisyunistang partido ang nagsisilbing mga bagong panginoong maylupa. Inaaqawan nila ng lupa at winawasak ang kabuhayan ng mga adivasi upang bigyang-daan ang isang Special Economic Zone (SEZ) para sa malalaking korporasyong multinasyunal. Ang anumang pagtutol ng

mamamayan ay sinasalubong ng walang katulad na kalupitan at panunupil.


Noong Nobyembre 2008, binuo ng mga adivasi ang People's Committee Against Police Atrocities (PCAPA) para labanan ang ilang dekada nang pang-aabuso ng mga pulis at rebisyunistang partido at igiit ang katarungan para sa mga biktima ng paniniil ng estado. Mula noon ay lumakas na ang PCAPA at nakapagbuo na ng mahigit 1,000 komite sa erya. Di lamang nagtatanggol ng mga komunidad laban sa pulisya at mga maton ng rebisyunistang partido ang mga komite. Katuwang din nila ang mga aktibistang Maoista na matagal nang kumikilos sa lugar. Nakapaglunsad din sila ng mga proyekto para sa inuming tubig, irigasyon, mga kalsada at sentrong pangkalusugan.

Pagsupil sa adivasi. Nitong maagang bahagi ng Hunyo, pinagbabaril ng mga maton ng rebisyunistang partido ang isang demonstrasyong pinamumunuan ng PCAPA. Dahil dito, sinunog ng libulibong adivasi ang mga upisina ng rebisyunistang partido at kampo ng pulisya na mga simbulo ng walang habas na kapangyarihan at pangaapi.

Habang lumalawak ang PCAPA sa mas marami pang lugar, nagdeploy ng mahigit 1,000 pulis ang gubyerno ng West Bengal, kasabay ng 50 kumpanya ng mga pwersang paramilitar mula sa sentral na qubyerno para "muling agawin" ang Lalgarh. Hinarang sila ng mga tinumbang puno, hinukay na kalsada at malawakang demonstrasyon ng mga adivasi. Tinambangan din sila ng mga Maoistang gerilya na nagpasabog ng mga land mine. Inabot sila ng dalawa't kalahating araw bago nila narating ang istasyon ng pulisya sa Lalgarh.


Walang kaparis na pang-aabuso

qinawa nq ang mqa pulis at pwersang militar pagdating nila sa Lalgarh. Nirevd ng mga pulis ang mga bahay ng mga myembro ng PCAPA at kinaladkad palabas at pinagbubugbog ang aktibista. mqa Kahit mga bata ay hindi pinatawad. Isang pitong ta-



Ilampung libong adivasi ang napilitang lumisan sa kanilang mga komunidad sa harap ng gayong kalupitan. Daan-daang bahay na ang sinunog at ilang libong pamilya ang pwersahang pinalayas sa kanilang mga nayon. Umaabot na ngayon sa mahigit 20,000 katao ang tumitigil sa mga pansamantalang kampo at inaalagaan ng mga partidong oposisyon.

Pagtugis sa mga gerilyang Maoista. Tinutugis din ng operasyong militar ang mga Maoistang yunit gerilyang kumikilos sa lugar. Gamit ang teknikal na ayuda mula sa US at Israel, nagpalipad ang gubyerno ng India ng satellite para alamin ang kinalalagyan ng mga gerilya sa makapal na kagubatan. Tinugis din ng gubyerno ng West Bengal ang mga monitoring team mula sa labas. Inaresto, minaltrato at idinetine nito ang All-India Fact Finding Team na inorganisa ng mga progresibong pwersa.



Isang linggo matapos ito, ipinagbawal sa buong India ang Communist Party of India (Maoist). Hinuli ang hayag na tagapagsalita nitong si Gour Chakravarthy habang kinakapanayam siya sa isang istasyon ng telebisyon.

Sa kabila nito ay hindi nagpapagapi ang PCAPA. Naglunsad ito ng pangkalahatang welga noong Hulyo 9 at mula Agosto 18 hanggang ngayon sa mga distrito ng West Midnapore, Bankura at Purulia sa West Bengal. Nagsara ang mga negosyo at establisimentong panggubyerno at paralisado ang pampublikong transportasyon. Patuloy na iginigiit sa mga pagkilos ng mga adivasi ang kagyat na pagtigil sa militarisasyon ng Lalgarh.

Samantala, lumalaganap ang demoralisasyon sa hanay ng pulisya at paramilitar ng West Bengal dahil hindi nila magapi-gapi ang mga *adivasi* at mga Maoistang gerilya.

Napipinto ang panibago na namang opensiba ng militar at pulisya dahil sa kabiguan ng "Operation Lalgarh." Sa kabila nito ay nananatiling matatag ang mga *adivasi* sa kanilang pakikibakang nagsisilbing inspirasyon at umani na ng suporta ng maraming progresibong pwersa sa India at iba pang bahagi ng mundo.



Pagbabawal sa pangingisda sa Manila Bay, tinututulan

NANANAWAGAN ng malawakang kilos protesta ang Pambansang Mamamalakaya ng Pilipinas (PAMALA-KAYA) kapag itinuloy ang pagbabawal na mangisda sa Manila Bay at karatig na mga lalawigan nito.

Panukala ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources ng Department of Agriculture (DA) na ipagbawal ang pangingisda sa layon umanong linisin ang Manila Bay.

Kaugnay nito, naglunsad ng piket ang mga kasapi ng PAMALA-KAYA at Anakpawis sa harap ng tanggapan ng DA upang tutulan ang balaking ito. Ayon sa PAMALA-KAYA, wala nang ibang mapagkukunan ng kabuhayan ang mga mamamayan sa nasabing lugar kundi ang pangingisda. Aabot sa 13 milyong pamilya ang mawawalan ng trabaho kapag naaprubahan ang nasabing panukala.

Tinuligsa ng PAMALAKAYA ang sinasabi ng DA na "sobrang pangingisda" ang pangunahing dahilan ng lubhang polusyon ng Manila Bay. Kaugnay nito, magpapatupad ng parsyal na pagbabawal ng pangingisda roon simula sa 2012 at ganap na itong ipagbabawal mula 2015. Inilinaw ng PAMALAKAYA na hindi ang pangingisda ang naging sanhi ng sobrang polusyon kundi ang walang pakundangang pagtatapon sa Pasiq River (na dumadaloy patungong Manila Bay) at sa look mismo ng mga nakalalasong basura ng mga industriyal at komersyal na establisimiyento sa paligid ng Pasig River at ng Manila Bay. Ang sobrang pagdami ng ganitong mga establisimiyento roon ay ibinunga ng pribatisasyon ng mga pampublikong lupain doon, pagtatayo ng maraming special economic zone at napakaraming bagong komersyal na qusali at iba pang mga proyekto ng qubyerno sa mga lupang nabawi

mula sa look. Ginawa ito nang walang konsiderasyon sa idudulot na malubhang polusyon. Libu-libo pang mga residente sa paligid ng Manila Bay ang pinalayas para bigyang-daan ang mga proyektong ito. Anang PAMALAKAYA, imbes na ipagbawal ang pangingisda ay dapat mahigpit na ipagbawal ang pagtatapon ng basura sa Manila Bay at pagtatayo ng malalaking ko-

mersyal na gusali sa paligid nito na siyang nagtatapon ng mga nakalalasong kemikal at basura sa dagat.

Ibinunyag ng Anakpawis na umaabot sa 20,000 ektarya sa Manila Bay ang nakareserba bilang mga special economic zone para sa Bataan at Cavite. Bukod pa ito sa mga nakatayo nang komersyal na gusali at mga upisina ng pamahalaan sa paliqid ng look.

Tanggalan sa Wyeth, nilalabanan

NAGLUNSAD ng kilos-protesta ang mga manggagawa ng Wyeth Philippines sa tanggapan nito sa Pasong Tamo, Makati noong Agosto 26 para labanan ang malawakang tanggalan sa trabaho rito. Ayon sa Wyeth Philippines Progressive Workers Union (WPPWU), aabot sa 3,000 manggagawa ang maaaring masisante bunsod ng napapabalitang pagbenta nito sa karibal na kumpanya ng Pfizer sa halagang \$68 bilyon.

Sakaling mangyari ito, nangangamba ang WPPWU na baka hindi kilalanin ang Collective Bargaining Agreement (CBA) sa pagitan ng unyon at ng maneydsment ng Wyeth.

Sa kaugnay na balita, nagdaos din ng kilos-protesta ang mga manggagawa ng nagsarang pagawaan ng Triumph International Philippines Inc. (TIPI) sa Mendiola, Maynila noong araw ding iyon. Umaabot sa 1,663 manggagawa ng TIPI ang nawalan ng trabaho bunga ng pagsasara ng pagawaan. Koordinado ang kanilang protesta sa pagkilos ng iba pang mga manggagawa ng Triumph sa Thailand, Hongkong, Germany at Norway.

Tauhan ni Palparan, pinawalang-sala

PINAWALANG-SALA ni Judge Silvino Pampilo Jr. ng Metropolitan Trial Court (MTC) Branch 26 ang ahenteng militar na si Aniano Flores Jr. alyas Silver noong Agosto 25. Si Flores, isang "rebel returnee" at naging elemento ng death squad ni Gen. Jovito Palparan, ang itinuturo ni Ruel Landicho na bumaril at pumatay noong Mayo 2002 kay Edilberto "Choy" Napoles, coordinator ng Bayan Muna sa Mindoro Oriental. Magkasama sina Landicho at Napoles nang sila ay pagbabarilin ni Flores. Napatay si Napoles samantalang si Landicho ay nasugatan.

Anang hukuman, nabigo si Landicho na patunayang si Flores ang salarin. Kaugnay nito, mariing kinundena ng Karapatan-Southern Tagalog ang desisyon ng MTC Branch 26. Ayon sa Karapatan-ST, sangkot si Flores sa iba pang mga kaso ng pamamaslang at inamin niya mismo na kasapi siya ng yunit paniktik ng militar na inorganisa ni Palparan.



Taon XL Blg. 17 Setyembre 7, 2009 www.philippinerevolution.net

Editoryal

Palayasin ang mga tropang Amerikano

ahasang idineklara kamakailan ng mga pinuno ng Pentagon at Central Intelligence Agency (CIA) ng US ang patuloy na pagpapakat ng 600 kataong Special Operations Forces (SOF) na sangkot sa mga operasyong kontra-rebolusyonaryo sa Pilipinas.

Ikinatwiran nila ang naging susing papel ng mga pwersa ng Joint Special Operations Task Force-Philippines (JSOTF-P) at CIA sa mga "tagumpay" ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa pagpatay at pagdakip sa mga lider ng Abu Sayyaf at Moro Islamic Liberation Front (MILF). Anila, tulad ng natututunan nila sa gera sa Afghanistan, kailangan umano ang sustenidong presensyang militar nila sa Pilipinas para matiyak ang mga tagumpay sa mga larangan ng labanan.

Ang deklarasyong ito'y pagsasapubliko na lamang ng sikretong kasunduan nina Gloria Arroyo at Pres. Ba-

rack Obama ng US noong Hulyo 30. Doo'y qinarantyahan ni Arroyo ang permanenteng presensya ng mga tropang militar ng US sa Pilipinas kapalit ng patuloy na ayudang militar ng US. Sagadsagaran ngayong ipinaqtatanqqol ni Arroyo ang ibayong nalalantad na permanenteng presensya at papatinding panghihimasok-militar ng US sa bansa. Matagal nang pinalalabas na ang mga sundalo ng US ay labas-masok sa bansa para lamang sa taunang pagsasanay at pagkakawanggawa. Sa ginawang pag-amin na ito ng

Mga tampok sa isyung ito...

Usapang pangkapayapaan, hinahadlangan ng rehimen PAHINA 3 16 armas nasamsam sa mga taktikal na opensiba PAHINA 4

Militar sa Lianga, napalayas PAHINA 5

Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
 - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
 - k) I-click ang Properties
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
 - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*